

ANO ANG DAPAT MONG MALAMAN TUNGKOL SA MONKEYPOX

Ang monkeypox ay isang nakahahawang sakit na dulot ng monkeypox virus. Ang sinumang nakasalamuha nang malapitan at harapan ng taong may monkeypox ay nasa panganib.

Karaniwang nagsisimula ang mga sintomas nang 5-21 araw matapos ng pagkahantad

PANGUNAHING SINTOMAS

PANTAL



Ang pantal ay maaaring:

- Magmukhang mga bukol, tagihawat, paltos, sugat, o langib
- Nasa anumang bahagi ng katawan kabilang ang ari, puwit, bibig, mga kamay, at mukha
- Nasa sa iisang lugar lamang o maaaring kumalat sa buong katawan
- Makati o masakit (lalo na kung nasa loob ng bibig o puwit)

MGA SINTOMAS NA TULAD NG SA TRANGKASO

IBA PANG MGA SINTOMAS



Lagnat/
pagkaginaw



Pagkapagod,
pananakit ng
kalamnan at
sakit ng ulo



Namamagang
mga kulani

- Maaaring lumitaw ang mga sintomas na tulad ng sa trangkaso 1-4 na araw bago o pagkatapos magsimula ng pamamantal
- Hindi lahat ng tao ay magkakaroon ng mga sintomas na ito

PAANO KUMAKALAT ANG MONKEYPOX

Napag-alaman na ang monkeypox ay kumakalat sa pamamagitan ng malapit, matalik at/o matagal na pakikisalamuha, kabilang ang:

- Direktang pagkakaroon ng kontak ng balat-sa-balat sa mga pantal, langib, o sugat habang nakikipagtalik at iba pang matalik na kontak tulad ng paghalik, pagmamasaha, at pagyakap.
- Pagkakaroon ng kontak sa mga bagay at tela (gaya ng damit, sapin sa kama, tuwalya, o mga laruang sekswal) na ginamit ng taong may monkeypox at hindi pa nalilinis.
- Pagkakaroon ng kontak sa mga inilalabas ng palahingahan. Maaaring mangyari ito sa panahon ng matagal, malapit, harap-harapang pakikisalamuha o matalik na kontak.

Ang taong may monkeypox ay maaari itong maikalat sa iba mula nang magsimula ang mga sintomas hanggang sa gumaling ang pantal, matanggal ang mga langib, at magkaroon ng bagong patong ng balat. Karaniwang tumatagal ito nang 2 hanggang 4 na linggo.

Ang isang buntis na taong may monkeypox ay maaaring maipasa ang virus sa kanyang sanggol sa sinapupunan.

HINDI kumakalat ang Monkeypox sa pamamagitan ng mga karaniwang pag-uusap o sa pagdaan sa taong mayroon nito.

ANG PAGBABAKUNA ay inilalaan para sa mga taong higit na nanganganib, kabilang ang mga taong nahantad sa monkeypox.

ANG PAGGAMOT LABAN SA VIRUS (ANTIVIRAL TREATMENT) ay inilalaan para sa mga taong mayroon, o nanganganib gawa ng, malubhang monkeypox.

Para sa higit pang impormasyon, makipag-usap sa iyong doktor o tingnan ang ph.lacounty.gov/Monkeypox.

KONTAKIN ANG IYONG DOKTOR

sa lalong madaling panahon kung mayroon kang bagong, hindi maipaliwanag na pantal o mga sugat. Lalo itong mahalaga kung ikaw ay nalantad sa taong mayroon o pinaghihinalaang mayroong ng monkeypox.

KUNG WALA KANG DOKTOR:

- Tumawag sa Pamublikong Pangkalusugan sa 1-833-540-0473 (8am - 8:30pm araw-araw), o
- Bisitahin ang pinakamalapit na [Pamublikong Pangkalusugan na Klinika para sa Kalusugang Sekswal](#).



I-iskan ang QR na kodigo para makakita ng lugar